

## Mahalagang Impormasyon Tungkol sa Osteosarcoma

### Ano ang Osteosarcoma?

Ang Osteosarcoma ay isang uri ng kanser na nagmumula sa mga buto, ang tisyu na bumubuo ng balangkas ng ating katawan. Ito ang pinakakaraniwang tumor o kanser sa buto ng mga bata at kabataan. At batay sa kasarian, mas laganap ito sa lalaki kaysa sa babae.

Karaniwang pinipinsala ng osteosarcoma ang dulo ng malalaking bahagi ng ating buto na matatagpuan sa hita, binti at braso. At halos 50 porsyento nito ay matatagpuan sa paligid ng tuhod. Maaari rin itong matagpuan sa buto ng balakang, tadyang at iba pa.

### Ano ang sanhi ng Osteosarcoma ?

Sa kasalukuyan ay hindi pa alam ang tunay na sanhi ng osteosarcoma, **bagama't** may mga bagay na sinasabing maaring magdulot ng panganib para ang isang bata ay magkaroon ng sakit na ito. Kabilang dito ang tinatawag na "genes" o mga katangiang namamana mula sa magulang, pagkaroon ng tumor sa mata na kung tawagin ay Retinoblastoma, sakit sa buto ng kung tawagin ay Paget's disease, pagsasailalim sa tinatawag na "radiation therapy", at iba pa.

Gayon pa man, mapapansin na hindi lahat nang nagkaroon ng osteosarcoma ay taglay ang mga nabanggit na panganib. At marami sa mga may nabanggit na panganib, ay hindi naman nagkaroon ng sakit na ito.

### Anu-ano ang mga sintomas o palatandaan ng Osteosarcoma?

Kabilang sa mga palatandaan na maaaring makita sa batang may osteosarcoma, ay ang mga sumusunod: pananakit at pamamaga ng buto , hirap sa paggalaw ng paa o braso na apektado ng tumor, pagiging marupok ng buto at ang tuluyang pagkabali nito. Kadalasan, ito ay inaakalang sanhi ng isang sakuna habang naglalaro ang bata. Sa pamamagitan ng pagsusuri ng buto sa eksrey ("X-ray"), makakatulong ito upang matukoy kung ang bata ay **posibleng** may osteosarcoma at kung kinakailangan ang iba pang eksaminasyon.

### Paano malalaman kung ang isang bata ay may Osteosarcoma?

Kung ang isang bata ay may isa o higit pa sa mga senyales at sintomas na nabanggit, isang maingat na pagsusuri ang kailangang gawin. Kabilang dito ang pagtatanong sa pangkalahatang kalusugan ng bata at ng mga kapamilya at eksaminasyon ng buong katawan. Mahalaga ito upang matukoy ang antas o "stage" ng tumor at kung ito ay kumalat na sa iba pang bahagi ng katawan.

Kailangan ding kumuha ng sapat na bahagi ng tumor na kung tawagin ay "biopsy" para ito ay masuri nang mabuti sa ilalim ng "microscope" at matukoy ang uri ng osteosarcoma. Ito ay isinasagawa ng isang orthopedic oncologist.

Bukod sa eksray, mahalaga ring **sumailalim** ang bata sa mga espesyal na eksaminasyon katulad ng "magnetic resonance imaging" (MRI) o kaya "computed tomography (CT) scan" o "positron emission tomography (PET) scan" para mas ganap na makita ang bahagi ng buto na nasaklaw ng tumor.

Ang iba pang mga pagsusuri na mahalaga sa pagtukoy ng sakit na osteosarcoma ay ang mga sumusunod: eksaminasyon sa dugo, pandinig at puso. At kung ang tumor ay hinihinalang kumalat na sa ibang bahagi ng katawan, kinakailangan din ang "CT scan" ng mga baga at "scan" ng mga buto.

### Ano ang ibig sabihin ng "staging"?

Ang "staging" ay isang pamamaraan na sinusunod upang malaman kung ang tumor ay nasa isang bahagi pa lamang o kung kumalat na sa iba pang bahagi ng katawan. Ang pagbatid sa antas o "stage" ng isang batang may osteosarcoma ay mahalaga hindi lamang sa pagpapalano ng angkop na paggamot, kung di upang mabatid din ang potensyal nitong gumaling.

Para sa layunin ng paggamot, maaaring uriin ang antas ng osteosarcoma bilang "localized"- ang tumor ay nasa apektadong buto pa lamang at "metastatic" – ang tumor ay kumalat na sa iba pang bahagi ng katawan.

### **Paano pina-plano ang paggamot sa batang may Osteosarcoma?**

Ang pag-gamot ng mga batang may kanser tulad ng osteosarcoma ay naaayon sa laki at bahagi ng butong apektado ng tumor, antas o “stage”, edad at pangkalahatang kalusugan ng bata at uri ng osteosarcoma batay sa pagsusuri sa ilalim ng “microscope”.

Ang “pediatric oncologist” o espesyalista sa kanser at “orthopedic oncologist” na may sapat na kaalaman sa osteosarcoma ang siyang mga pangunahing doktor na gagamot sa sakit na ito. Bukod sa mga nabanggit, maraming doktor na may sapat na kaalaman sa **iba’t ibang aspeto ng** sakit na ito ang magtutulong-tulong upang maibigay ang angkop na paggamot sa sakit na osteosarcoma. Kabilang sa mga ito ay ang mga sumusunod: radiologist, pediatric surgeon, oncology nurses, pharmacist, psychologists, social workers, physical and occupational therapist at iba pa.

### **Paano ginagamot ang Osteosarcoma?**

Ang osteosarcoma ay karaniwang ginagamot sa pamamagitan ng operasyon o pagtanggali ng bukol at ang pagbibigay ng mga espesyal at matatayang gamot na kung tawagin ay “chemotherapy”.

Isinasagawa ang operasyon upang ganap na matanggal ang tumor kasama ang mga tisyu sa paligid nito na kung tawagin ay “limb-sparing surgery”. Nguni’t kung ito ay lubhang malaki na, kakailanganing putulin ang buong buto (“amputation”) na apektado ng tumor. **Maari** ring magsagawa ng operasyon upang tanggaling ang tumor kung ito ay kumalat na sa baga.

Layunin ng “chemotherapy” ang pagpuksa sa tumor sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng iba’t ibang matatayang gamot na maaaring ipainom, iturok sa laman o ipadaan sa ugat (“systemic therapy”). Ito ay maaring ibigay bago (“neoadjuvant”) o pagkatapos (“adjuvant”) ng operasyon.

Ang “radiation therapy” ay di gaanong mabisa sa pagpuksa ng osteosarcoma. **Bagkus** ito ay ginagamit lamang kung hindi kayang tanggaling ang tumor sa pamamagitan ng operasyon o para mabawasan ang matinding sakit na nararamdaman ng pasyente. Ito ay gumagamit ng malakas na uri ng enerhiya na nagmumula sa isang makina (“high energy x-rays”) upang patayin ang tumor. Ito ay isinasagawa ng isang radiation oncologist **na siyang dalubhasa sa paggamit nito.**

Sa kasalukuyan, pinag-aaralan ang paggamit ng “biologic therapy” o sariling resistensya ng pasyente para labanan ang kanser, na maaaring **gamitin** sa hinaharap.



Ang mahalagang impormasyon na ito ay mula sa pagsisikap ng Philippine Society of Pediatric Oncology, Inc. (PSPO), isang kasapi ng samahan ng Philippine Pediatric Society (PPS). Para sa iba pang katanungan tungkol sa paggamot ng sakit na ito, hinihikayat ang pagkonsulta sa inyong “pediatric oncologist” na may dalubhasang kaalaman tungkol dito.